



Thanksgiving 2020 sa Brampton sa panahon ng COVID-19 pandemic

BRAMPTON, ON (Oktubre 6, 2020) – Sa taon na ito, ang Thanksgiving ay magaganap sa Lunes, Oktubre 12.

Ang lahat ng kritikal na mga serbisyo, kabilang ang mga Serbisyo sa Sunog at Emergency, Mga Serbisyo sa Trapiko, Pagpapatupad ng Ordinansa, Operations sa Daan, at mga Serbisyo sa Seguridad ay patuloy na tatakbo tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay maaaring tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o sa Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga tanong kaugnay ng COVID-19 tulad ng pagsusuot ng mask o ligtas na muling pagbubukas ng piling mga pasilidad ng Lungsod sa pamamagitan ng appointment lamang. Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mas maraming impormasyon.

Kaligtasan sa Fireworks

Hindi magho-host ang Lungsod ng Brampton ng anumang mga fireworks display sa Thanksgiving at hindi pinapayagan ang mga personal firework.

Ang Thanksgiving ay hindi isa sa apat na araw ng taon nang ang mga personal firework ay pinapayagan sa Lungsod ng Brampton. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/bylaws.

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo/Holiday sa Thanksgiving sa Lunes na may ilang kanseladong ruta. Pakitingnan ang mga iskedyul bago magbiyahe.

Bukas ang Contact Centre at pwedeng tumulong mula 9 AM hanggang 6 PM sa 905.874.2999.

Sarado ang mga counter ng Customer Service at ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Nananatiling sarado ang Trinity Common Terminal.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahin sa kanilang siko. Kung maysakit ka, iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.



Sa patnubay ng Peel Public Health, pinaalalahanan ang mga rider na mandatoryo ang mga hindi medikal na mask na tumatakip sa iyong ilong, bibig at panga sa mga bus at mga terminal. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib.

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Paglibang sa Brampton

Ang mga Sentrong Panlibangan ay sarado sa Thanksgiving na ang muling pagbubukas ng piling mga lokasyon para sa mga pagbisita sa pamamagitan ng appointment sa Martes, Oktubre 13. Para sa karagdagang impormasyon sa lahat ng programang panlibangan at mga serbisyo, kabilang kung paano magpareserba ng puwesto, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

Manatiling aktibo at nakilahok kahit nasa bahay sa pamamagitan ng pagsunod sa online na tutorial. Subukan ang kumpletong body circuit, pag-aralan kung paano gumawa ng origami hearts, magpraktis sa iyong mga kakayahan sa calligraphy at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home sa www.brampton.ca/recathome.

Paglilinis sa Taglagas sa mga Parke ng Brampton

Maglaan ng ilang minuto para tumulong sa paglilinis sa mga kalat sa ating lungsod bilang bahagi ng Paglilinis sa Taglagas (Fall) – sa paligid ng iyong bahay, lokal na parke, o sa harapan ng iyong negosyo. Pwede kang kumuha ng libreng cleanup kit sa pamamagitan ng pag-register online sa www.brampton.ca/cleanup. Tiyakin na tingnan ang aming “Be like Bill” na kampanya online para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano ang isang Bramptonian nangunguna at gumagawa ng magandang epekto sa kapaligiran.

Brampton Library

Ang mga Sangay ng Brampton Library ay sarado at hindi pwede ang Pag-pickup sa Curbside sa Lunes, Oktubre 12. Tuklasin ang libreng eBooks at eAudiobooks, entertainment streaming, online learning at mas marami pa sa [Digital Library](#) nang wala kang babayaran gamit ang iyong Brampton Library card number at PIN. [Mag-click dito para makakuha ng online library card](#) o tulong sa iyong account. Lumahok sa mga birtwal na programa para sa lahat ng edad at manatiling may ugnayan sa [pamamagitan ng pag-subscribe sa mga email update ng Brampton Library](#). Kumonekta sa amin sa Facebook, Twitter at Instagram @bramptonlibrary.

Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Ang Kanlungan ng Hayop sa Brampton ay sarado sa Araw ng Paggawa.



Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 AM to hanggang 10 PM at Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 AM hanggang 6:30 PM, at tutugon lamang para sa sumusunod na mga tawag:

- Pag-pick up ng may-sakit/nasaktan/agresibong pambahay na mga hayop at hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Asong tumakbo na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pag-pick up ng naka-confine na asong-gala
- Pag-pick up ng patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emergency.

Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Weekend ng Thanksgiving

Paliitin ang iyong grupo ng mga tao

Para mabawasan ang panganib ng COVID-19, kailangan nating lahat na bawasan ang ating kontak sa iba. Inirerekumenda ng Peel Public Health na panatilihin maliit ang mga pagtitipon, at paliitin ang iyong grupo ng mga tao sa inyong direktang sambahayan o mahalagang mga tagapag-alaga.

Bawasan ang panganib ng pagkalat

Ang Thanksgiving ay naiibang tingnan sa taon na ito. Habang magkasama tayong nagpapasalamat, mahalaga na gagawa ng mga desisyon na poprotekta sa ating mga mahal sa buhay mula sa panganib ng COVID-19. Panatilihin ang distansya mula sa iba nang di bababa sa dalawang metro para mabawasan ang panganig ng pagkalat. Kapag hindi pwede ang paglayo mula sa iba, tiyakin na nakasuot ng mask.

Kung nagtipon-tipon, ang mas kaunti ay higit pa

Dapat limitahan ng mga host ang kanilang mga panauhin sa kanilang direktang sambahayan at mahalagang mga tagapag-alaga. Ang mas kaunti ay higit pa sa panahon ng isang pandemic. Kung pipiliin mong magkaroon ng kontak sa mga taong hindi kasama sa inyong direktang sambahayan, limitahan ang bilang, bawasan ang inyong oras na magkakasama, manatiling magkagalayo, magsuot ng mask at maghugas ng mga kamay. Kung hindi mabuti ang pakiramdam, birtwal na magtipon-tipon sa halip nang personal, magpasuri at ihiwalay ang sarili sa iba.

Huwag makipagtipon kung may sakit ka

Inimbita sa isang pagtitipon sa Thanksgiving ngunit masama ang pakiramdam? Dahil ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng panganib sa Peel kapag nagtipon-tipon tayo, piliin ang makipag-ugnayan sa internet, ihiwalay ang sarili sa bahay at magpa-test para manatiling malusog.

Para sa karagdagang impormasyon sa kung paano protektahan ang iyong sarili at ang mga mahal sa buhay nitong weekend ng Thanksgiving, bumisita sa peelregion.ca/coronavirus/ o sundan ang Rehiyon ng Peel sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#).

-30-

KONTAK NG MEDIA SA LUNGSOD NG BRAMPTON

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

KONTAK NG MEDIA SA REHIYON NG PEEL

Ashleigh Hawkins
Communications Specialist – Public Health
Ang Rehiyon ng Peel
416.818.4421 | ashleigh.hawkins@peelregion.ca